NATIONAL ASSESSMENT FRAMEWORK FOR LANGUAGES AT SENIOR SECONDARY LEVEL

PUBLIC EXAMINATION

# 2001 FILIPINO

| | | |
|---|---|---|
| STUDENT / REGISTRATION NUMBER | | PAGES: 12 |
| CENTRE NUMBER | | |
| STATE / TERRITORY | | |

## EXTENDED LEVEL

## PAPER 2: PART A—WRITING IN FILIPINO<br>PART B—REORGANISING WRITTEN INFORMATION

**Tuesday 23 October**

**Time: 1 hour and 30 minutes**

*Approved English–Filipino/Filipino–English dictionaries or monolingual dictionaries may be used.*

**Instructions to Candidates**

1. Write all your responses to the tasks in Paper 2 in this booklet in ink or ball-point pen. Space is provided for you to make notes.
2. You are required to respond to both Part A and Part B.
3. Make sure that you write your Student/Registration Number, the State or Territory in which the examination is taken, and the Centre Number (if required) on the front cover of this booklet.
4. All question booklets will be collected at the end of the examination.
5. The assessment criteria for this paper are printed on the back page of this booklet.

*This examination is used for the WACE (Western Australia), the HSC (New South Wales), the TCE (Tasmania), the SACE (South Australia), the NTCE (Northern Territory), the Senior Certificate (Queensland), and the VCE (Victoria).*



© Board of Studies NSW 2001

## Part A—Writing in Filipino

Pumili ng ISA sa mga sumusunod na paksa at isulat ang sagot nang hindi kukulang sa 150–200 salita sa Filipino.

*Choose ONE of the following tasks and write approximately 150–200 words in Filipino.*

ALIN MAN SA SUMUSUNOD / *EITHER*

**1.** May bagong pinagtibay na panukalang-batas na ipinagbabawal ang paninigarilyo sa mga pook pampubliko.

Sa isang sulat sa patnugot ng pahayagan , talakayin ang magiging resulta ng batas na ito at ang mga isyung may kinalaman dito.

O / *OR*

**2.** Sa isang talumpatian, magsasalita ka ukol sa paksang ito: “Sa mundo ngayon maraming nagaganap na diskriminasyon, ngunit bakit sa mga pandaigdig na pagdiriwang tulad ng ‘Olympics’ nagkaka-isa tayong lahat.” Isulat ang iyong talumpati.

O / *OR*

**3.** Bilang pinunong mag-aaral naatasan kang sumulat ng panimula para sa taunang libro ng Year 12. Isalaysay ang iyong mga karanasan sa pag-aaral, at ipaliwanag ang kahalagahan ng paaralan sa buhay.

Isulat ang nilalaman ng iyong panimula.

O / *OR*

**4.** Sumulat ng isang liham ng pag-aaplay ng pansamantalang trabaho.

Bukod sa impormasyon tungkol sa iyong sarili, isama mo rin ang iyong mga kakayahang may kaugnayan sa trabahong ina-aplayan.

Ipapadala mo ang liham na ito sa Director ng Tanggapan.

**Mga Tala / *Notes***

| Gawain Bilang: | *Task Number:* |
|---|---|

## Part B—Reorganising Written Information

May tatlong akdang nagbibigay ng impormasyong nakasulat o nakalarawan. BATAY LAMANG sa impormasyong ito, sagutin ang takdang gawain sa Filipino nang hindi kukulang sa 120–150 salita.

Isa kang kasapi ng samahan ng mga Pilipinong kabataan sa inyong pook na naglalayong malinis at mapaganda ang inyong kapaligiran.

Ikaw ay na-atasang sumulat ng isang bukas na liham para sa mga Pilipinong mamamayan ng inyong lugar upang himukin silang makilahok sa mga proyektong binabalak ninyo sa hinaharap.

BATAY LAMANG sa impormasyong ibinigay sa tatlong akda, insulat mo ang nilalaman ng iyong bukas na liham.

*There are three items of written and visual information on the following pages. Using **ONLY** information from the material provided, complete the task in 120–150 words in FILIPINO.*

*You are a member of a Filipino youth group in your community that aims to clean up and beautify your environment.*

*You are given the task of writing an open letter to the Filipino home owners in your neighbourhood convincing them to get involved in your future projects.*


*Based ONLY on the three items of information provided, write your open letter.*

**Mga Tala / *Notes***

***TEXT 1***

KABATAAN: PAG-ASA NG BAYAN
panayam ni Cecile Maglaya

*Hinahanap-hanap ng mga nakatatanda ang katuparan ng pangarap ni Rizal sa mga kabataan. Narito na... marahil.*



| | |
|---|---|
| Pangalan: | Renato Montemayor |
| Idad: | 16 taon |
| Paaralan: | Central Bay High School |
| Layunin: | Sagipin ang kapaligiran |

CM: Ano ang pangalan ng inyong samahan at ano ang layunin nito?

RM: Ang Barkadahang Pangkapaligiran ay samahan ng mga kabataan na naglalayong malinis at mapaganda ang ating kapaligiran.

CM: Bakit ninyo naisipang buuin ang samahang ito?

RM: Napansin namin na napakarami ng basurang natatapon kung saan-saan na siyang nagiging sanhi ng pagdumi ng ating kapaligiran. Naisip namin na sa halip na gugulin namin ang aming panahon sa kung anu-anong bagay na walang kahihinatnan, mas mabuting gumawa kami ng mga paraan para sa ikabubuti ng ating pamayanan.

CM: May mga nagawa na ba kayo tungo sa layuning ito?

RM: Aba, oo. Noong nakaraang “Australia Day”, maagang nagkita-kita ang barkada. Lahat ay may dalang “bin bag” at nagpulot kami ng mga basurang nakakalat sa kalye. Pagkatapos, nagpiknik at naglaro kami sa park. Napakagandang pagmasdan ng malinis na kapaligiran. Kaya nagpasya ang lahat na gagawin ito tuwing ikalawang buwan.


CM: May ibang proyekto pa ba kayong binabalak gawin?

RM: Marami pa. Ibig naming himukin ang lahat ng mga mamamayan sa aming pook upang makilahok sa mga “clean-up day” namin. Tuturuan din namin silang “mag-recycle” ng kanilang mga basura. Magkakaroon din ng mga impormal na talakayan tungkol sa pagpigil sa lumalalang krisis ng ating kapaligiran.

CM: Napakaganda naman ng mga gawain ng inyong barkadahan. Sana ay gawin kayong modelo ng iba pang mga kabataan upang sila man ay maging tunay na pag-asa ng bayan.

***TEXT 2***

Narito ang impormasyon tungkol sa sampung pinakamaraming bagay sa basura na napulot sa isang kampanya ng "Clean Up Australia".





Alam Ba Ninyo Na...


- 1–5 taon bago mabulok ang upos ng sigarilyo?
- 10–20 taon bago mabulok ang plastik?
- 50–80 taon bago mabulok ang goma?
- ang mga ito ay naglalabas ng usok na may lason kapag nasunog?

*TEXT 3*

Bakit kailangang mangyari ito...




Samantalang maaari namang gawin ito...




(Mula sa isang pamplet ukol sa pagbabawas ng basurang itinatapon na pinamahagi ng pamahalang lokal sa mga mamamayan.)

BLANK PAGE

# 2001 FILIPINO

## PAPER 2: PART A—WRITING IN FILIPINO<br>PART B—REORGANISING WRITTEN INFORMATION

### PART A—ASSESSMENT CRITERIA

- The capacity to deal with the chosen topic
  - † *Breadth of treatment*
  - † *Suitability of the writing for the topic and/or purpose*
  - † *Maintenance of reader's interest*
- Form and organisation
  - † *Observation of the conventions of the discourse form (style, sequencing, cultural appropriateness) and specifications regarding length*
  - † *Organisation of content*
- Clarity of expression
  - † *Control of the language required by the topics including accuracy in the use of linguistic elements*
- Variety and appropriateness of vocabulary and sentence structuring
  - † *Range of vocabulary*
  - † *Variety in sentence structure*
  - † *Appropriateness of vocabulary and sentence structure*

### PART B—ASSESSMENT CRITERIA

- † *The capacity to select and use relevant information*
- Form and organisation
  - † *Observation of the conventions of the discourse form (format, style, cultural appropriateness)*
  - † *Linking of related ideas*
  - † *Organisation of information from sources into a meaningful sequence*
- Effective expression
  - † *Control of the language required to complete the task (appropriateness, clarity of expression including accuracy in the use of linguistic elements)*
  - † *Degree of independence from the wording of the original information*